# INILIGTAS NG DIYOS



## MAHAL KA NI GOD AT GUSTO KA NIYANG MAKASAMA SA HEAVEN

Sobrang mahal ng Diyos ang mga tao sa mundo kaya binigay nya ang kaisa-isa nyang Anak, para hindi mapahamak ang lahat na naniniwala sa Kanya, kundi magkaroon sila ng buhay na walang hanggan. John 3:16

## GUSTO NI GOD NA BIGYAN KA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN


Ito ang testimony: binigyan tayo ng Diyos ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Anak nya. Kaya kung nasi sang tao ang anak ng Diyos, meron syang buhay na walang hanggan. Pero kung wala sa kanya ang Anak, wala syang buhay na walang hanggan. Sinulat ko sa inyo ito para malaman nyo na kayong mga naniniwala sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan. 1 John 5:11-13

"Alamin kung paano ka ni God ililigtas sa sin at death para mapunta sa heaven."

# SIN

## ANG KASALANAN ANG NAGHIWALAY SA ATIN KAY GOD

Nagkasala ang lahat at walang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.
Romans 3:23




## MARAMI ANG NAG-TRY NA GUMAWA NG TULAY PARA MAABOT SI GOD SA PAMAMAGITAN NG RELIGIOUS NA GAWAIN AT GOOD WORKS, PERO HINDI ANG MGA ITO ANG MAKAKAPAGDALA SAYO SA HEAVEN.

Sobrang bait ng Diyos kaya niligtas nya kayo dahil sa faith nyo, at hindi yun sa sarili nyong efforts. Regalo ito ng Diyos. Hindi yun resulta ng mga ginawa nyo, para walang maipagmalaki ang kahit sino. Ephesians 2:8-9

## ISA LAMANG ANG TULAY PARA MAABOT SI GOD, IISA LAMANG!




# JESUS

## SI JESUS, SYA LAMANG ANG TULAY PAPUNTANG HEAVEN

Sinagot sya ni Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kung hindi dadaan sa akin. John 14:6

Pero ipinakita ng Diyos kung gaano nya tayo kamahal. Mga makasalan pa tayo nung namatay si Christ para sa atin! Romans 5:8




Kasi, kamatayan ang pambayad sa kasalanan, pero libreng ibinigay ng Diyos ang buhay na walang hanggan sa pakikipag-isa natin kay Christ Jesus na ating Panginoon. Romans 6:23

## MAGTIWALA AT TANGGAPIN SI JESUS CHRIST NGAYON

Kung sasabihin mong si Jesus ang Panginoon at maniniwala kang binuhay sya ng Diyos mula sa kamatayan, maliligtas ka. Romans 10:9

Pero ang lahat ng tumanggap at naniwal sa kanya, binigyan nya ng Karapatan na maging mga anak ng Diyos. John 1:2

## PARAAN SA PAGTANGGAP NG KALIGTASAN

1. Aminin mo na ikaw ay sinner at need mo ang Tagapagligtas.
2. Pagsisihan at talikuran ang mga sins mo at lumapit kay Jesus.
3. Maniwala na si Jesus Christ namatay sa krus para sayo at nabuhay mula sa libingan para bayarang 100% ang penalty ng mga sins mo.
4. Invite mo si Jesus Christ sayong puso; hingin sa kanya para iligtas ka sa pagpunta sa impiyerno.

## MAG-PRAY KA NG MALAKAS KUNG TALAGANG IKAW AY SERYUSONG TANGGAPIN SI JESUS CHRIST:

Dear Jesus, ako ay naniniwala na ikaw ang Anak ng Diyos. Naniniwala ako na ikaw ay namatay sa cross para kabayaran ng mga sins ko. At ikaw ay binuhay mula sa mga patay ng iyong Father. Alam ko na ako ay sinner at need ko ikaw Jesus na aking Tagapagligtas . Pinagsisihan at tinatalikuran ko ang aking mga sins. Ikaw lang ang pinatitiwalaan ko para sa aking kaligtasan. Hinihingi ko na ikaw ay manirahan sa puso ko. Ikaw lamang ang aking Savior at tinatanggap ko ang free gift na buhay na walang hanggan na iyong kaloob. In Jesus name I pray, Amen.



9 781964 288130